# BANGON MARAWI

ISLAMIC CITY OF MARAWI
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

## KAMBISITA

**Information as of March 28, 2018**

### 1 Ano ang *kambisita*?

Ang *Kambisita* ay proyekto ng Marawi City local government unit at ng Task Force Bangon Marawi (TFBM) para sa mga pamiliyang nagsilikas mula sa Most Affected Areas (MAA) upang mabisita ang kanilang mga tahanan at makuha ang natitira pa nilang mga kagamitan.

### 2 Sino ang maaring makabisita sa MAA?

**Pitong katao kada istraktura** ang pinapahintulutang pumasok sa MAA bawat araw. Kailangan ay residente sila ng MAA at hindi bababa sa edad na **16 taong gulang.**


1 2 3 4 5 6 7

16+ taong gulang

### 3 Ligtas bang bisitahin ang MAA?

Ibayong pag-iingat ay mahigpit na pinapaaalala at nirerekomenda sa mga residente sa kanilang pagbisita. Ang mga sundalo at mga medical workers mula sa lokal na pamahalaan ng Marawi ay magiging bahagi ng pagtiyak ng kaligtasan ng mga bibisitang residente.

**80%** ng UXO at IED ang natanggal na



**24 Barangay sa MAA**

| | |
|---|---|
| Bangolo Poblacion | Moncado Colony |
| Bubonga Lilod Madaya | Moncado Kadilingan |
| Daguduban | Norhaya Village |
| Dansalan | Raya Madaya I |
| Datu Naga | Raya Madaya II |
| Datu sa Dansalan | Sabala Manao |
| Kapantaran | Sabala Manao Proper |
| Lilod Madaya (Poblacion) | Tolali |
| Lumbac Marinaut | Tuca Marinaut |
| Lumbaca Madaya (Poblacion) | Wawalayan Marinaut |
| Marinaut East | Sangcay Dansalan |
| Marinaut West | South Madaya Proper |

### 4 Paano ba magiging bahagi ng kambisita ang mga residente ng MAA?

Ang mga residente ay kailangang mag-sumite sa kanilang punong barangay ng **katibayan ng paninirahan sa lugar** at ng mga **pangalan ng 7 pang kinatawan kada istraktura.**

**Para sa karagdagang impormasyon, maaari kayong sumangguni sa inyong punong barangay**

### 5 Anu-ano ang mga kailangan ng mga residente sa araw ng pagbisita?

- **A** Listahan ng mga awtorisadong bibisita na may kasamang barangay ID
- **B** Pagpapalista sa registration form ng mga bibisita sa MAA
- **C** Isang sasakyan bawat grupo ng pitong kinatawan na bibisita
- **D** Inuming tubig at pagkain


**Pinapayuhan ang mga residente na magsuot ng:**

- **E** Gamit pangkaligtasan tulad ng helmet, matibay na sapatos, pantakip-bibig/ilong (face mask)
- **F** Mahahabang pantalon (maong) para pananggalan sa matutulis na bagay

### 6 Kailan ang mga tinakdang araw ng pagbisita?

Ang pagbibisita ay magsisimula sa Abril 1, 2018 hanggang Mayo 10, 2018 simula alas-sais ng umaga (6:00 AM) hanggang alas-tres ng hapon (3:00 PM). Ang lahat ng bibisita ay maaring makapasok sa pamamagitan ng **Mapandi Bridge** at makakalabas sa pamamagitan ng **Papandayan Bridge** lamang. Ang pagbisita ay nahati sa 9 na sectors (tingnan ang schedule).

**Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o magtext kay ABC President Farmida Macabando (0915) 185-2338 o sa TFBM hotline (0995) 356 3965/ (0929) 144 9242**




**Takdang araw ng pagbisita (as of March 28, 2018)**

| | | |
|---|---|---|
| **Sector 1** — Abril 1, 2, 3 | **Sector 4** — Abril 15, 16, 17 | **Sector 7** — Abril 29, 30, Mayo 1 |
| **Sector 2** — Abril 5, 7, 8 | **Sector 5** — Abril 19, 21, 22 | **Sector 8** — Mayo 3, 5, 6 |
| **Sector 3** — Abril 10, 11, 12 | **Sector 6** — Abril 24, 25, 26 | **Sector 9** — Mayo 8, 9, 10 |

## 7 Papaano magiging ligtas ang mga residente sa mga araw ng pagbisita sa MAA?

HUWAG HAWAKAN

a. Agad na ireport sa mga awtoridad ang mga armas o kaya ay mga ilegal na droga

b. Kung kayo ay may makitang kahina-hinalang mga bagay na tingin ninyo ay mga UXO, IED o basyong pampasabog, HUWAG ITONG GALAWIN. Agad ireport ito sa mga awtoridad

c. Sumunod sa mga alintuntunin ng mga awtoridad

**Para sa mga mabilisang pagtugon na may kaugnayan sa seguridad, maaring makipag-ugnayan kay Kapitan Julesther Cañada (0915) 850 2855**

## 8 Ano ang kelangang sundin ng mga residente sa oras ng pagbisita?

Dapat na igalang ang pagmamay-ari ng iba.

Ang mga residenteng bumibisita ay pinagbabawalang bumisita ng bahay o kumuha ng mga ari-ariang hindi kanila.